


*Mensahe Sa
Mga Awit Na Saliw Sa
Ating Buhay*



Message Guide | Nobyembre 8, 2020

Ang Pag-iingat Ng Panginoon

Ang Mensahe Ngayon (08 Nobyembre 2020) / Mga Awit 121:1-8

Ang Panginoon ang ating Tagapag-ingat sa lahat ng panahon. Ang Kanyang Pangakong pag-iingat ay ganap at tiyak. Sa Kanya natin ituon ang ating paningin. Sa Kanya natin iasa ang ating buhay, hindi lang sa panahong ito, kundi magpakailanman.

Mga Tanong Para sa Talakayan

1. Magbigay ng isang magandang dahilan kung bakit kailangan nating mas katakutan ang kasalanan kaysa ang pagdurusa. Ipaliwanag
2. Ang pagiging Kristiyano ba ay may kasiguraduhan na tayo ay mabubuhay nang walang paghihirap? Bakit wala?
3. Manalangin bilang isang pamilya/grupo, at hilingin sa Panginoon na ang bawat isa ay Kanyang patnubayan, at kung sinuman ang may pinagdadaanang paghihirap, nawa'y manalig na hindi pababayaang ng Diyos ang Kanyang anak.

Makikita natin dito ang isang angkop na mensahe tungkol sa Pagiingat ng Panginoon sa mga nananalig sa Kanya.

ANG PANGINOON ANG ATING TAGAPAG-INGAT (v. 1-2)

¹“Ang aking mga mata sa burol ay aking ititingin, ang akin bang saklolo ay saan manggagaling?”

²Ang saklolo sa akin ay buhat sa Panginoon, na siyang gumawa ng langit at lupa.”

“...ang akin bang saklolo ay saan manggagaling?”

“Ang saklolo sa akin ay buhat sa Panginoon, na siyang gumawa ng langit at lupa.”

(Jer. 3:23 -- “Tunay na ang mga burol ay kahibangan, ang mga lasingan sa mga bundok. Tunay na nasa Panginoon naming Diyos ang kaligtasan ng Israel.”).

Mayroong katotohanang hatid sa atin ang mga talatang ito ng salmista, at yan ang katotohanan na higit sa kahit na anong inaasahan nating saklolo sa mundong ito, ang ating tapat na Tagapag-ingat sa langit ang tunay na maasahan natin na magliligtas sa atin.

ANG PANGAKO NG ATING PAG-IINGAT (v. 3-8)

³“Hindi niya papahintulutang ang paa mo’y madulas; siyang nag-iingat sa iyo ay hindi matutulog.

⁴Siyang nag-iingat ng Israel ay hindi iidlip ni matutulog man.”

Luke 22:31-32 -- ““Simon, Simon, narito, hiningi ni Satanas na ligligin kayo gaya ng trigo, subalit ako ay nanalangin para sa iyo upang ang iyong pananampalataya ay huwag mawala; kung makabalik ka nang muli, ay palakasin mo ang iyong mga kapatid.”” Sabi rin ni Juan sa 1 John 5:18 -- “Alam natin na ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi patuloy na nagkakasala; subalit ang ipinanganak ng Diyos ay nag-iingat sa kanya... at hindi siya ginagalaw ng masama.”

⁴“Ang Panginoon ay iyong tagapag-ingat; ang Panginoon ay lilim mo sa iyong kanan.

⁶Hindi ka sasaktan ng araw kapag araw, ni ng buwan man kapag gabi.”

1 Cor. 10:13 -- “Walang tuksong dumating sa inyo na hindi karaniwan sa tao, subalit tapat ang Diyos, na hindi niya ipahihintulot na kayo’y tuksohin nang higit sa inyong makakaya; kundi kalakip din ng tukso ay naglalaan ng pag-iwas upang ito’y inyong makayang tiisin.”

Ang Pag-iingat Ng Panginoon

Ang Mensahe Ngayon (08 Nobyembre 2020) / Mga Awit 121:1-8

⁷“Iingatan ka ng Panginoon sa lahat ng kasamaan; kanyang iingatan ang iyong kaluluwa. ⁸ Ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok ay kanyang iingatan, mula sa panahong ito at magpakailanpaman.”

“Iingatan ka ng Panginoon sa LAHAT ng kasamaan..... ang iyong paglabas at ang iyong pagpasok (lahat ng ating kinalalagyan) ay Kanyang iingatan.” “kanyang iingatan ang iyong kaluluwa...”

“mula sa panahong ito at magpakailanman” (v. 8).

John 10:11,15 -- “Ako ang mabuting pastol. Ibinibigay ng mabuting pastol ang kanyang buhay para sa mga tupa....Gaya ng pagkakilala sa akin ng Ama, at ng pagkakilala ko sa Ama, at ibinibigay ko ang aking buhay para sa mga tupa.”

1. Kayo ay may pinagdadaanang mababang punto sa inyong buhay?

Bago natin itungo ang ating mga ulo sa paghanap ng solusyong praktikal, iangat muna natin ang ating mga espiritu sa langit kung saan magmula ang ating saklolo.

2. Kayo ba ay parang nadudulas sa inyong buhay espiritwal? Mayroon ba kayong sinisintang kasalanan na parang hindi ninyo maikwaksi? Nagkakaroon ba kayo ng pagdududa sa inyong katayuan sa mata ng Panginoon?

Alalahanin natin na ang pangako Niyang pag-iingat ay ganap at tiyak.

Siya rin ang magbibigay sa atin ng kalakasang labanan at pagtagumpayan ang mga kahinaan at pagdududang iyan.

Paano?

Gagamitin Niya ang Kanyang Banal na Salita upang ipa-alam sa atin ang daang dapat nating lakaran.

Psa. 119:9,11 -- “Paano pananatiliing dalisay ng kabataan ang kanilang daan? Sa pamamagitan ng pag-iingat nito ayon sa iyong salita..... Iningatan ko ang iyong salita sa aking puso, upang huwag akong magkasala laban sa iyo.”

Gagamitin din Niya ang Diwang Banal upang bigyan tayo ng kalakasan lumakad sa Kanyang kalooban at sumunod sa Kanyang mga kautusan.

Rom 8:8-11 -- “at ang mga nasa laman ay hindi makapagbibigay-lugod sa Diyos. Ngunit kayo’y wala sa laman, kundi nasa Espiritu, yamang nananatili sa inyo ang Espiritu ng Diyos. Subalit kung ang sinuma’y walang Espiritu ni Cristo, siya’y hindi sa kanya. At kung si Cristo ay nasa sa inyo, ang katawan ay patay dahil sa kasalanan; ngunit ang espiritu ay buháy dahil sa katuwiran. Ngunit kung ang Espiritu niyaong bumuhay na muli kay Jesus ay nananatili sa inyo, siya na bumuhay na muli kay Cristo mula sa mga patay ay magbibigay ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan, sa pamamagitan ng kanyang Espiritu na naninirahan sa inyo.”

Ang Panginoon ang ating Tagapag-ingat sa lahat ng panahon. Ang Kanyang Pangakong pag-iingat ay ganap at tiyak. Sa Kanya natin ituon ang ating paningin. Sa Kanya natin iasa ang ating buhay, hindi lang sa panahong ito, kundi magpakailanman. ■

The Shepherd's Voice

by Pastor Migs Orleans

The eye cannot say to the hand, "I have no need of you," nor again the head to the feet, "I have no need of you." On the contrary, the parts of the body that seem to be weaker are indispensable, and on those parts of the body that we think less honorable we bestow the greater honor, and our unpresentable parts are treated with greater modesty, which our more presentable parts do not require. But God has so composed the body, giving greater honor to the part that lacked it, that there may be no division in the body, but that the members may have the same care for one another. If one member suffers, all suffer together; if one member is honored, all rejoice together. 1 Corinthians 12:21-26, ESV

The Apostle Paul puts it in plain and simple terms - we exist together, and we need each other. Care is meant to be given and received. It was true then, and it is true now. In homes, it is the members of the family. In social circles, these are your friends both old and new. In our local church family, it is us: we worship together, we grow together, and we can certainly serve together.

This is a lesson the Lord has taught and continues to teach me even more, as this season of crisis continues: church ministry is teamwork. The presence of a Worship Pastor in the Worship Ministry is not enough, nor is the involvement of

seasoned ministry workers who are His gifts to the church. A system may be in place, and a structure may be laid out - but without those who see the need to care for the body of Christ, we do not even suffer together: we just suffer.

The worship leader may master his songs and spiels, but that is not enough. He needs co-servants: backstage to know what mic to use, onstage to lead with him, in the sound booth to make sure the team is actually heard, and in the video room to make sure the lyrics are flashed and the stage is lit. These co-servants, and many more, so much more—are needed.

We may have the message of salvation to deliver, but we are in great need of messengers to properly communicate. You may not necessarily be the person on-screen, but we certainly need you—because we care for you. Hope you can prayerfully consider as we work towards forming a much bigger Communications Ministry Team. If you would like to get in touch with us as early as now, take note of this number (0917-541-1127) and email address (miguel.orleans@gcf.org.ph). Blessed Sunday, church family! ■

MGA ANUNSIYO

PRE-REGISTER FOR THE IN-PERSON WORSHIP SERVICE

To know more about the safety guidelines and restrictions, and to reserve a seat, visit <https://tinyurl.com/GCFreservation>. Pre-registration is open every week from Wednesday (5:00pm) to Saturday (11:59pm) or upon full booking, whichever comes first.

ELECTION OF CHURCH LEADERS

Para sa karagdagang impormasyon magtungo sa election.gcf.org.ph o mag-email sa election@gcf.org.ph para sa mga katanungan

BELONGING (Midweek Series): *Accountability and Community*

Nobyembre 7 (Miyerkules), 6:30 n.g. sa GCF Facebook Page

REMINDERS OF GOD'S CARE AND FAITHFULNESS

Tuwing Lunes at Biyernes, 7:00 n.g. sa GCF Facebook Page

LIVestream (Youth LIVE Worship)

Tuwing Sabado, 5:00 n.h. sa youtube.com/user/gcfyouthlive

KIDS' L.I.F.E. ONLINE SUNDAY SCHOOL

Tuwing Linggo, 1:00 n.h. sa Facebook sa [@GCFKidsLIFE](https://www.facebook.com/GCFKidsLIFE)

THE GCF FAMILY'S HOUR OF PRAYER

8:00 n.g. hanggang 9 n.g. sa Zoom

J616A GROWTH GROUP (MIX: COUPLES, YOUNG ADULTS, MARRIED, SINGLE)

Tuwing Sabado, 5:00 n.h., sa Zoom, GG Leader: Elder Ed & Sis Betty Trono

GCF SMALL GROUP TRAINING AND PRECEPT PHILIPPINES

An Inductive Bible Study on Mark 7-13

Linggo, 8:30 hanggang 9:30 n.u. sa Zoom, makipag-ugnay kay Marj: 0917-779-1549


PAGSAMBA SA PAGBIBIGAY

Upang makapagbigay sa mga panahong ito, maaaring gawin ang anuman sa sumusunod:

BANK DEPOSIT O TRANSFER

Account Name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.

- **BDO** (BDO Corporate Center Branch) Savings Account 000661590216
- **China Bank** (Ortigas ADB Branch) Savings Account 1112-02006218
- **UnionBank** (UB Plaza Branch) Checking Account 0005-9001-0426
- **Robinsons Bank** (Main Office Branch) Savings Account 1000-3010-0017-355
- **Bank of the Philippine Islands (BPI)** (Ortigas Emerald Branch) Peso Savings Account
- **Metrobank** (Ortigas Sapphire Branch) Savings Account 629-3-62919733-9
- **GCash (L) and PayMaya (R)** (i-scan ang QR code sa ibaba)



Account name: Greenhills Christian Fellowship, Inc.
Account No.: 9823 0217 01

CREDIT/DEBIT CARD THROUGH PAYPAL

Pumunta sa www.gcf.org.ph/give para sa detalye.

Mangyaring mag-email ng kopya ng inyong transaction document sa finance@gcf.org.ph upang ma-record ang inyong pagbibigay at makapaghanda ng resibo.

COVID-19 EMERGENCY RESPONSE EFFORTS

Maaari ninyo ring italaga ang inyong pagbibigay sa ating relief efforts para sa mga frontliners at iba pang lubhang naaapektuhan ng krisis. Ilagay lamang sa subject ng inyong email ang "For COVID-19 fund" ■



Greenhills Christian Fellowship

Know Christ and Make Him Known

Ruby cor. Garnet Roads, Ortigas Center, Pasig City, 1605

☎ (02) 8632 1354 to 56, (02) 8635 0078 to 80, (02) 8635 0082 to 83

☎ Fax No. (02) 8632 1357, Monday to Friday, 9:00 a.m. to 6:00 p.m.

✉ email@gcf.org.ph 🌐 gcf.org.ph 📍 Greenhills Christian Fellowship